



OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKAPITONG REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP HANYONG 17 AGOSTO 1998, IKA-9:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Gonzalo C. Sinel, Jr. - Tagapangulo
Kagawad Jesus S. Dela Cruz
Kagawad Cesar T. Baticos
Kagawad Ramil O. Dimapilis
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.
Kagawad Eduardo K. Soriano
Kagawad Juan S. Advincula
Kagawad Angeles D. Bautista
Kagawad Mae Arlene M. Talens
Kagawad Eduardo G. Villamin - Pangulo, ABC
Kagawad Randy P. Valencia - SK Chairman

Hindi Nakadalo:

W A L A

KAPASYAHANGBLG. 041

Taong 1998

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA NG YUMAONG PUNONG GURO NG SAN MARIANO ACADEMY NG ROXAS, SILANGANG MINDORO, GNG. ELIZABETH E. ATIENZA-YAP.

SAPAGKA'IT ang pagpanaw ng isang taong pinagpipitaganan at minamahal ay malabis na dinaramdam ng kanyang mga naulila;

SAPAGKA'T si Gng. Elizabeth E. Atienza-Yap ay isang mahusay, masikhay at matapat na guro na sa loob ng tatlungpu't dalawang taong panungkulan ay nagpakita ng dedikasyon at pagmamahal sa gawain at sa paglilingkod para sa kabutihan ng mga mag-aaral;

SAPAGKA'T si Gng. Elizabeth E. A. Yap ay isang masipag na lider-sibiko, hindi lamang sa pagpapatupad sa mga gawaing dala ng katungkulan kundi ng mga iba pang makatutulong upang mapanlad ang antes ng buhay at kaalaman lalo na ng mga kababaihan ng bayang ito;

SAPAGKA'T sa mahabang panahon at pagkakataon, siya ay naging aktibo sa mga gawaing pambarangay at pambayan at maging sa simbahan, naging matulungin at bukas-palad sa mga mahihirap na mga kababayan lalo na sa mga mag-aaral;

SAPAGKA'T siya'y naging isang huwaring ina sa kanyang pamilya, isang mapag-arugang gabay sa mga gawaing makakatulong sa sariling pag-unlad at pagiging mabuting mamamayan kung kaya't ang kanyang pagpanaw ay labis na dinaramdam ng mga ito;

SAPAGKA'T ang Sangguniang Bayan ng bayang ito, ang mga namumuno at ang mga kawani ay lubos na nagpapahayag ng pagkilala at pagpapasalamat sa lahat ng mga kabutihan at paglilingkod ni Gng. Elizabeth E. Atienza-Yap sa mga mamamayan ng bayang ito lalo't higit sa mga kabataang mag-aaral at tuloy ipinasabot ang tauspusing pakikiramay at pakikidalamhati sa kanyang mga naulila.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Ramil O. Dinapilis na pinangalawahan ng lahat -

IPINASYA tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa pamilya ng namayapang Punong Guro ng San Mariano Academy at kilalang lider-sibiko, Gng. Elizabeth E. Atienza-Yap ang matapat na pakikidalamhati at pakikiramay ng mga pinuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro.


IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng papasyahang ito sa naulilang pamilya ni Gng. Elizabeth E. Atienza-Yap, sa kanyang asawa, dating Konsehal ng bayang ito, G. Venancio G. Yap at mga anak lakip ang aming taupusong pakikiramay.

Binagtibay: 17 Agosto 1998


PINATUTUNAYANG WASTO:


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:


GONZALO C. SINEL, JR.
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:


JESUS M. DINAPILIS
Punong Bayan

merz/